

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Pakikipagtulungan para magtayo ng mas konektado, sustainable na Brampton**

### **Nakukuha ng Lungsod ang higit sa \$45.3 milyong pamumuhunan mula sa Pamahalaang Pederal at higit sa \$37.8 milyon mula sa Pamahalaan ng Lalawigan sa pondo ng imprastraktura sa pampublikong transportasyon**

BRAMPTON, ON (Hulyo 28, 2020) – Sa araw na ito, wini-welcome ni Mayor Patrick Brown at ng Konseho ng Lungsod ang malaking pamumuhunan mula sa Pamahalaan ng Canada at Pamahalaan ng Ontario na direktang susuporta sa imprastraktura ng pampublikong transportasyon sa Brampton.

Inanunsyo ni Honourable Catherine McKenna, Minister of Infrastructure and Communities, ang pamumuhunan ng Pamahalaan ng Ontario na higit sa \$45.3 milyon sa apat na mga proyekto sa pamamagitan ng Public Transit Infrastructure Stream (PTIS).

Kasunod ng anunsyo ni Minister McKenna, inanunsyo ni Honourable Prabmeet Singh Sarkaria, Associate Minister of Small Business and Red Tape Reduction, at Miyembro ng Provincial Parliament for Brampton South, sa ngalan ni Honourable Laurie Scott, Minister ng Imprastraktura ng Ontario, na ang Pamahalaan ng Ontario ay nag-aambag ng higit sa \$37.8 milyon sa mga proyektong imprastraktura ng pampublikong transportasyon.

Nag-aambag ang Lungsod ng Brampton ng higit sa \$30.2 milyon; ang lahat ay magkasamang sa pamamagitan ng plano sa imprastraktura ng Pamumuhunan sa Canada.

Kabilang sa apat na proyekto ang:

- **2020-2021 Mga Kapalit na Bus:** Bumili ng 32 standard na mga bus para mamintina ang antas ng serbisyong umiiral at palitan ang luma nang sasakyan.
  - Pondo ng Pederal: \$9,132,000
  - Pondo ng Lalawigan: \$7,609,239
  - Pondo ng Munisipalidad: \$6,088,761
- **2020-2024 Pag-refurbish ng Bus:** Pag-refurbish ng 300 standard na mga bus, kabilang ang pagkumpuni at paghahali ng malalaking komponent tulad ng mga makina, suspension at brake.
  - Pondo ng pederal: \$22,243,218
  - Pondo ng lalawigan: \$18,534,161
  - Pondo ng munisipalidad: \$14,830,666
- **Pagpapalit ng mga on-board camera at mga digital video recorder:** Pagdadagdag ng mas bagong mga teknolohiya sa buong fleet ng bus.
  - Pondo ng pederal: \$2,000,000
  - Pondo ng lalawigan: \$1,666,500
  - Pondo ng munisipalidad: \$1,333,500
- **Downtown Transit Mobility Hub:** Isang bagong transit hub na magdadagdag sa bilang ng mga bus bay, magpapahintulot ng mas maraming serbisyo, mga bagong canopy ng bus, lugar na hintayan at kabilang ang mga rekisito para i-upgrade ang hub para i-hold ang mga electric bus.
  - Pondo ng pederal: \$12,000,000

- o Pondo ng lalawigan: \$9,999,000
- o Pondo ng munisipalidad: \$8,001,000

**Mga Quote**

“Ang mga pamumuhunan na inanunsyo sa araw na ito ay makakatulong sa pagdagdag sa kapasidad at kalidad ng mabilis na lumalaking transit system, nagbibigay ng mas ligtas at mas malusog na solusyon ng transportasyon para sa lahat. Sa tulong ng ating mga partner sa Pederal at Lalawigan, nagagawa nating mamuhunan sa ating mga komunidad sa pamamagitan ng pagsuporta at pagpapalaki ng ating imprastruktura. Ang mapagkakatiwalaang transit ay nakakatulong sa pagdagdag ng pagka-naaakses ng mga serbisyo at mga trabaho, pagbawas sa greenhouse gas emissions at mas pagpapaganda sa pangkalahatang kalusugan ng ating komunidad. Inaasam ko ang ating patuloy na pagtutulungan para suportahan ang ating komunidad dito sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang anunsyo ngayong araw ay nagsasagisag ng isang mahalagang milestone para sa ating lungsod. Ang apat na proyektong ito ay kritikal sa ating komunidad at sa mga nakadepende sa Transit. Ang pamumuhunan sa imprastruktura ay mas nagpapaganda sa kalidad ng buhay na ibinigay sa mga komunidad.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Ang pamumuhunan sa araw na ito ay diretsong mapupunta sa ating komunidad at sa paglago nito sa hinaharap, makakaapekto ito sa mga buhay ng napakaraming mga residente. Ang pagsuporta sa mas malusog at mas sustainable na komunidad, kapag namumuhunan tayo sa ating mga komunidad ay lahat nananalo.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay tahanan ng isa sa pinaka-mabilis na lumalaking mga transit system sa Canada. Sa suporta mula sa ating mga partner sa Pederal at Lalawigan, nagagawa nating maghandog ng naaakses at sustainable na uri ng transportasyon sa ating mga residente para sa mga darating na taon. Ang pagsulong at pag-unlad ng imprastruktura ay isang mahalagang pamumuhunan sa kinabukasan ng ating komunidad. Committed tayo sa pagbuo ng mga pagtutulungan na ito para matugunan ang mga pangangailangan sa ating lungsod.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapatigirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)